# 多言語情報コーナー　　　　　　　　（令和５年　７月号）

## 1. Pag-iingat sa Tag-ulan

Pumasok na ang panahon ng tag-ulan ngayon sa Japan. Hangggang sa katapusan ng Hulyo ay maraming araw ang inaasahang uulan. Gayundin ang panahon mula Hulyo hanggang Oktubre ay maraming bagyo ang dumarating na nagdudulot ang mga ito ng maraming pag-uulan na nagiging sanhi ng ibat-ibang kalamidad.
Kamakailan lamang ang "Rain Fronts "na kung saan ay naghahanay ang mga makakapal na ulap ay patuloy na  nagdadala ng malalakas na pag-ulan sa parehong lugar sa loob ng mahabang panahon. Ngayong taon pa lamang ay nagkakaroon na ng mga pinsala sa ibat-ibang bahagi ng Japan dulot ng malalakas na pag-uulan.
Kung ang pag-ulan ay inaabot na ng 30 mm kada oras, ay babahain na ang mga kalsada na parang ilog. Kung umabot naman ng higit sa 50 mm kada oras ang pag-ulan ay maaring umapaw na ang mga manholes at imburnal na babaha sa maraming lugar at baba ng mga gusali.
Kung may malalakas na pag-ulan at inaasahang magdudulot ito ng malaking kalamidad ay maglalabas ang Meteoroligal Agency ng Heavy Rainfall o Special Heavy Rainfall Warning.
Nararapat na tingnan ang mga impormasyon sa telebisyon, radyo at mga social media kung ligtas ang kinaroroonan. Kung ang lungsod ay nagpalabas ng babala dahil sa panganib ng kalamidad, kailangan ng lumikas sa ligtas na lugar sa lalong madaling panahon. Subalit kahit may impormasyon na inilabas kaugnay nito ngunit gabi na at inabot na ng hanggang tuhod ang tubig sa labas ay dapat manatili na lamang sa ikalawang palapag ng bahay kung delikado na ang lumabas ng tahanan.
Suriin mabuti ang sitwasyon sa lugar at kumilos na isinaalang-ala ang kaligtasan ng ating buhay.

## 2. Tungkol sa Heat Stroke Alert.

Sa mga araw na inaasahan ang mainit na panahon ay magbibigay ng babala sa pag-iingat sa heat stroke. Inaanunsyo sa araw mismo o isang araw bago magkaroon ng mainit na temperatura. Ang impormasyon ay inaanunsyo sa telibisyon, radyo, social media at iba pang mediums.

Sa Tochigi City naman ay ibinobroadcast ito sa mga disaster preventive radios na maririnig sa mga speakers sa mga kalye ng lungsod mula alas 9:00ng umaga sa araw na may mainit na temperatura.

Ang heat stroke alert ay maaaring babala na magkaroon ng mataas na panganib nito sa araw na iyon o sa susunod na araw at kailangan ang higit pang pag-iingat upang maka-iwas para dito.

Upang maka-iwas sa panganib na dala ng Heat Stroke kung saan naglabas na ng warning ay dapat gawin ang mga sumusunod:

--------Gumamit ng Air Condition

--------Huwag lumabas ng bahay maliban kung ito ay agarang lakad.

--------Huwag mag-ehersisyo sa labas

--------Pagsabihan din ang mga matatanda at bata na magingat sa heat stroke.

--------Uminom na ng tubig bago makaramdam ng pagka-uhaw.

Pag-ukulan ng pansin ang babala sa heat stroke at maging maingat upang maka-iwas dito ngayong panahon ng tag-init.

**3. Ang Pagbisita sa mga Kindergardens, Nurseries at mga Katulad na Pasilidad na Paalagaan ng mga Bata**.

Magkakaroon ng pagbisita sa mga Kindergardens, Nursery Schools at mga autorisadong pasilidad para sa pangangalaga ng mga bata na ipapasok sa Abril ng susunod na taon ng 2024.
Ang mga pampublikong Nursery Schools gaya ng Imaizumi, Kura no Machi, Otsuka, Hakonomori, Tsuga Yotsuba, at Iwafune ay maaring puntahan at tingnan mula ika-20 ng Hulyo (Huwebes) at ika-21 ng Hulyo (Biyernes) mula ala1:30 ng hapon.
Hindi na kailangan ang reservation para dito, magdala lamang ng indoor shoes o slippers (uwabaki) at pansulat na lapis o ballpen.
Ang petsa para sa paglibot naman sa mga pribadong pasilidad sa pangangalaga ng mga bata ay iba-iba at naaayon sa iskedyul ng bawat pasilidad. Mangyaring tingnan ang website ng lungsod para sa impormasyon sa pagbisita sa mga ito kung nais ipasok ang anak.
Kung bibisita sa mga pasilidad ng paalagaan ng mga bata ay dapat na rin na alamin ang mga mahalagang impormasyon sa proseso ng pag-aplay upang maipasok ang anak.